

# PILOSOPIKO-HERMENEUTIKONG PAGBASA SA MGA KAISIPAN NINA BONIFACIO P. SIBAYAN, ERNESTO A. CONSTANTINO, AT ANDREW B. GONZALEZ, FSC HINGGIL SA WIKANG PANTURO SA SISTEMANG PANG-EDUKASYON NG PILIPINAS

[Philosophico-Hermeneutic Reading of the Ideas of Bonifacio P. Sibayan, Ernesto A. Constantino, and Andrew B. Gonzalez, FSC on the Medium of Instruction in the the Philippine Education System]

Jay Israel De Leon  
De La Salle University  
jay.deleon@dlsu.edu.ph

## Abstrak

Pinag-aralan sa papel na ito ang kaisipan ng tatlong Pilipinong lingguwista na sina Bonifacio P. Sibayan (1916-2005), Ernesto A. Constantino (1930-2016), at Andrew B. Gonzalez, FSC (1940-2006) hinggil sa wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Sa pangkalahatan, nilayon ng pag-aaral na tukuyin ang mga pagkakasundo at di-pagkakasundo ng mga pananaw ng tatlong lingguwista mula sa isang diyalohikong pagbasa sa lente ng pilosopikal na hermeneutika ni Hans-Georg Gadamer. Ipinangalagay ni Gadamer na ang bawat isang inidibidwal ay may sariling “abot-tanaw” o saklaw ng paningin mula sa isang partikular na punto de bista, kabilang na ang kaniyang mga kaalaman, damdamin, at prehuwisyo. Ayon kay Gadamer, ang mga inidibidwal na abot-tanaw ay may kakayahang magsanib sa isang diyalogo na ang layunin ay isang magkatulad na pag-unawa. Sang-ayon dito, tinangka ng pag-aaral na unawain ang mga kaisipan ng isang Pilipinong lingguwista at basahin ito mula sa pananaw ng dalawa pang Pilipinong lingguwista. Tinasa rin ang kanilang mga ideya sa konteksto ng mga kasalukuyang usaping pangwikang kinahaharap ng mga Pilipino, partikular na ang pagtatanggal ng Filipino bilang mandatoryong asignatura sa kolehiyo at ang implementasyon ng mother tongue-based multilingual education

(MTB-MLE), na nagpatunay sa kahalagahan at kabuluhan ng muling pagbubungkal sa kanilang mga kaisipan. Sa huli, ipinakita ng papel na sa kabila ng radikal na pagkakaiba-iba at mga di-pagkakasundo ng tatlong lingguwista sa kanilang mga ideya, mayroon pa ring mga pagkakatulad at pagkakasundong mainam na tingnan at pahalagahan.

## Mga Susing Salita

Lingguwistika, Midyum ng Pagtuturo, Multilingguwalismo, Patakarang Pangwika, Pilipinas

## Abstract

This paper studied the ideas of three Filipino linguists, Bonifacio P. Sibayan (1916-2005), Ernesto A. Constantino (1930-2016), and Andrew B. Gonzalez, FSC (1940-2006), on the medium of instruction in the Philippine education system. Overall, the study aimed to identify the agreements and disagreements between the views of the three linguists from a dialogic reading through the lens of Hans-Georg Gadamer's philosophical hermeneutics. Gadamer posited that each individual has their own "horizon" or extent of vision from a particular point of view, which includes all their knowledge, feelings, and prejudices. According to Gadamer, individual horizons can fuse in a dialogue whose goal is a common understanding. In line with this, the study attempted to understand the ideas of one Filipino linguist and read them from the perspective of two other Filipino linguists. Their ideas were also assessed in the context of the current language issues faced by Filipinos, particularly the removal of Filipino as a required subject in college and the implementation of the mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE), which proved the significance and relevance of revisiting their insights. In the end, the paper showed that despite the radical differences and disagreements between the three linguists in their ideas, there are still similarities and agreements that are worth looking at and appreciating.

## Keywords

Language Policy, Linguistics, Medium of Instruction, Multilingualism, Philippines

## About the Author

Jay Israel De Leon is a lecturer at the Departamento ng Filipino, De La Salle University, where he teaches undergraduate courses including Introduksiyon sa Filipinolohiya at Araling Pilipinas, Komunikasyon ng Pananaliksik, and Filipino at/ng Komunikasyong Pansakuna. He holds a Master of Arts in Philippine Studies (De La Salle University, 2022) and a Bachelor of Arts in History, *magna cum laude* (University of the Philippines Diliman, 2018). He is currently completing his doctorate in Philippine Studies under De La Salle University's Candidate Faculty

Program, with research interests encompassing language planning and policy, cultural studies, biographical studies, and disaster communication.

## PAGLALATAG NG PUNDASYON: TATLONG PANTAS-WIKANG PILIPINO NOONG IKA-20 DANTAON

Ang pag-aaral ng mga wika ng Pilipinas ay may mahaba nang kasaysayan. Noong panahon pa lamang ng kolonyalismong Español, isinagawa na ang pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas sa pangunguna ng mga misyonerong nagsulat ng mga gramatika (*artes*) at diksiyonaryo (*vocabularios*) ng mga katutubong wika ng Pilipinas (LSP 181-182). Gayunman, maiuugat ang pagsisimula ng lingguwistika bilang isang akademikong disiplina sa Pilipinas nang itinatag noong 1922 ang Department of Philippine Linguistics sa Unibersidad ng Pilipinas o UP (LSP 184). Ang itinuturing na kauna-unahang propesyonal na lingguwistang Pilipino (Quakenbush 4) at binansagang “ama ng lingguwistikang Pilipino” (Salazar 190) na si Cecilio Lopez (1898-1979) ay produkto ng nasabing departamento. Noong 1928, natapos ni Lopez ang kaniyang doktorado sa lingguwistika sa University of Hamburg, Alemanya (Salazar 189). Dala-dala niya sa kaniyang pagbalik sa Pilipinas ang mga kaalaman at kasanayan sa komparatibong lingguwistika na nakaimpluwensiya naman sa sumunod na henerasyon ng mga lingguwista sa UP. Gayunman, dalawang obserbasyon ang mahalagang bigyang-diin hinggil sa pag-unlad ng lingguwistika sa Pilipinas noong unang hati ng ika-20 dantaon: una, noong panahong iyon, si Lopez lamang ang nag-iisang may doktorado sa lingguwistika na nagtuturo sa UP (LSP 185); at ikalawa, sa labas ng UP, walang malawakang interes sa lingguwistika bilang isang larang ng pag-aaral (Quakenbush 4). Sa pagpasok ng ikalawang hati ng ika-20 dantaon, lumaki ang bilang ng mga Pilipinong nagkainteres sa lingguwistika at marami rin ang nagsipag-aral sa ibang bansa, partikular na sa Estados Unidos. Dalawang salik ang maaaring iturong dahilan sa pag-unlad na ito: una, sa UP, naroon si Lopez na nagsasanay sa kaniyang mga mag-aaral na mapagpapasahan niya ng kaalaman sa *Austronesian linguistics* (Salazar 189); at ikalawa, napukaw ang interes ng mas maraming akademikong Pilipino sa pagtuturo ng wika kasabay ng pag-unlad ng *applied linguistics* (LSP 189). Sa gitna ng intelektuwal na klimang ito, tatlong Pilipinong iskolar ang umusbong at nag-ukit ng kani-kaniyang markang humubog sa pag-unlad ng lingguwistikang Pilipino sa mga sumunod pang dekada: sina Bonifacio P. Sibayan (1916-2005), Ernesto A. Constantino (1930-2016), at Andrew B. Gonzalez, FSC (1940-2006).

Si Sibayan ay itinuturing bilang tagapangunang iskolar ng *applied linguistics*, partikular sa larangan ng pagtuturo ng wika, at tagapagtatag ng disiplina ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas (Gonzalez, “About the Author” xi). Naging susing tauhan siya sa pagbabalangkas ng programa ng bilingguwal na edukasyon sa Pilipinas noong 1970s bilang isa sa mga kasapi ng komiteng inatasang maghanda ng gabay sa implementasyon nito. Kinikilala rin siya bilang tagapagtaguyod ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Si Constantino ay kinikilala naman sa larangan ng komparatibo at *Austronesian linguistics* at isa sa mga bantog na

mag-aaral ni Lopez. Isa siya sa mga unang Pilipinong lingguwista na gumamit ng *transformational-generative grammar* sa estilo ni Noam Chomsky (1928-) sa komparatibong pag-aaral ng mga wika ng Pilipinas. Higit siyang nakilala bilang tagapagtaguyod ng *universal approach* sa pagpapaunlad ng wikang pambansa na iniharap at ipinaliwanag niya sa mga delegado ng Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1971-1972. Si Gonzalez naman ay nagkaroon ng mahahalagang ambag sa *descriptive linguistics, historical linguistics, psycholinguistics, sociolinguistics, at applied linguistics* (Bautista, "In Memoriam" 110). Katulad ni Sibayan, masasabing pinakabantog si Gonzalez sa mga larangan ng *sociolinguistics* at *applied linguistics* sa edukasyon. Naging kasapi rin siya ng komiteng inatasang maghanda ng gabay sa implementasyon ng programa ng bilingguwal na edukasyon. Dahil sa kanilang mga natatanging kontribusyon sa disiplina at iniwang intelektuwal na pamana sa mga sumunod na henerasyon ng mga lingguwista sa Pilipinas, maaaring ituring sina Sibayan, Constantino, at Gonzalez na kabilang sa mga haligi ng lingguwistikang Pilipino at mga tunay na pantas-wika. Mangyari pa, ang kanilang mga kaisipan ay nakaimpluwensiya hindi lamang sa kanilang larangan kundi sa lipunang Pilipino sa kabuoan.

Higit pa sa siyentipikong pag-aaral ng wika, ang mga pagsisikap nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez bilang mga lingguwista ay tumugon sa pangangailangan ng kanilang panahon. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kabilang sa mga usaping kinaharap ng lipunang Pilipino ang pagpapaunlad ng wikang pambansa at ang midyum ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon. Nagkaroon ng malaking ambag ang tatlong pantas-wika sa mga usaping ito katulad ng tatalakayin sa mga susunod na seksiyon ng pag-aaral. Hanggang ngayon, patuloy na kinahaharap ng mga Pilipino at tinutugunan ng mga iskolar ng wika sa Pilipinas ang mga usaping ito sa kabila ng mga pag-unlad sa lingguwistika at mga hakbang na isinagawa sa pagpaplanong pangwika, lalo na sa sistemang pang-edukasyon, nitong mga nakaraang dekada. Dito nakasandig ang kabuluhan ng kasalukuyang pagsisiyasat. Sa pangkalahatan, nilalayan ng pag-aaral na galugarin ang mga kaisipan at naging pagkilos nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez hinggil sa wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon, at tukuyin ang mga pagkakasundo at di-pagkakasundo ng mga pananaw ng tatlong pantas mula sa diyalohikong pagbasa. Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga buhay at muling pagbabasa sa mga kaisipan nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez, nabubungkal ang mga kaalamang maaari pa ring mapakinabangan ng mga Pilipino sa kasalukuyan nilang pagsisikap na lutasin ang kanilang mga suliraning pangwika at paunlarin ang kanilang wikang pambansa.

## METODOLOHIYA

### Teksto ng Pag-aaral

Hindi inilathok sa pag-aaral ang lahat ng tekstong isinulat ng tatlong lingguwista. Ang gayong pagsisikap ay lubhang mahirap dahil sa kapal at barayti ng kanilang mga tekstuwal na produksiyon. Sa pagkalap ng mga akda ni Sibayan, isinaalang-alang lamang ang kaniyang librong *The Intellectualization of Filipino and Other Essays on Education and Sociolinguistics* (1999) na kalipunan ng kaniyang mahahalagang artikulong nailathala sa iba't ibang pandaigdigang at lokal na publikasyon. Mainam itong batayan sapagkat si Sibayan mismo ang pumili ng mga artikulong ilalahok sa koleksiyong ito. Hindi naman nakahanap ang mananaliksik ng katulad na kalipunan ng mga akda nina Constantino at Gonzalez. Sa pagkalap ng mga akda nina Constantino at Gonzalez, sinuyod ng mananaliksik ang ilang aklatan at sinupan, gayundin ang mga online na repositoryo. Sang-ayon sa pangkalahatang layunin ng pag-aaral, pinili lamang ang mga tekstong naglalaman ng kanilang mga ideya hinggil sa wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas.

### Konseptuwal na Balangkas

Nilalayan ng pag-aaral na suriin ang mga kaisipan nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez sa pamamagitan ng diyalohikong pagbasa sa kanilang mga isinulat sa lente ng pilosopikal na hermeneutika ni Hans-Georg Gadamer (1900-2002). Sa kaniyang *magnum opus* na *Wahrheit und Methode*,<sup>1</sup> ipinakita ni Gadamer na ang lahat ng aspekto ng pag-unawa ng tao ay may ipinagpapalagay na hermeneutikong dimensiyon at kung gayon ay nagiging unibersal ang saklaw ng hermeneutika (Lawn 44). Nagsilbing tuntungan ni Gadamer ang mga kaisipan ng kaniyang gurong si Martin Heidegger (1889-1976) hinggil sa pag-unawa. Sa katunayan, hindi si Gadamer kundi si Heidegger ang nagpasimunong gawin ang hermeneutika bilang isang sentral na paksa sa pilosopiya (Demeterio, “Ang mga Dialohikal na Hermenyutika” 17). Para kay Heidegger, ang pag-unawa sa mismong pag-iral ang esensiya ng pag-iral ng tao na tinawag niyang *Dasein*. Sa kaniyang pangunahing akdang *Sein und Zeit*,<sup>2</sup> sinabi ni Heidegger na ang mismong pag-unawa ng pag-iral ay ang tiyak na katangian ng kairalan ng *Dasein* (32). Isang konseptong prominente sa pilosopikal na hermeneutika ni Gadamer ang “abot-tanaw” (*horizon*). Kaugnay ng sitwasyong kinapapalooban ng tao tuwing siya’y umuunawa, sinabi ni Gadamer:

Ang bawat kasalukuyang may hangganan ay may mga limitasyon. Pinapakahulugan natin ang konsepto ng “sitwasyon” sa pagsasabing kumakatawan ito sa isang pananaw na naglilimita sa posibilidad ng paningin. Kaya naman esensiyal sa konsepto ng sitwasyon


ang konsepto ng “abot-tanaw.” Ang abot-tanaw ay ang saklaw ng paningin na sumasakop sa lahat ng maaaring makita mula sa isang partikular na punto de bista. (*Truth and Method* 301; akin ang salin)

Samakatuwid, ang abot-tanaw ay ang “kalipunan ng mga kaalaman, damdamin at prehuwisyo na laging taglay ng isang tao sa kaniyang kamalayan at nagsisilbing lunsaran ng kaniyang pag-uunawa” (Demeterio, “Ang mga Dialohikal na Hermenyutika” 33). Sa unang tingin, tila ikinakahon ng konsepto ng abot-tanaw ang maaaring maabot ng pag-unawa ng tao. Ngunit ayon kay Gadamer, samantalang may mga makikitid na mga abot-tanaw, may posibilidad para sa pagpapalawak nito at pagbubukas ng mga bagong abot-tanaw (*Truth and Method* 301). Dagdag pa niya: “Ang historikal na pagkilos ng buhay ng tao ay nakabatay sa katotohanang hindi ito kailanman ganap na nakatali sa isang pananaw, kaya naman hindi ito kailanman maaaring magkaroon ng ganap na nakasarang abot-tanaw” (*Truth and Method* 303; akin ang salin).

Ipinaliwanag din ni Gadamer na upang mas maging mahusay ang pag-unawa, hindi dapat ikinakahon ng isang indibidwal ang kaniyang paningin sa mga bagay na naaabot ng kaniyang abot-tanaw. Aniya: “Ang magkaroon ng abot-tanaw ay nangangahulugang natututo ang isang tao na tumingin nang lampas sa kung ano ang malapit sa kaniya—hindi upang tumingin palayo kundi upang makita ito nang mas mabuti, sa loob ng mas malaking kabuoan at sa mas makatotohanang proporsiyon” (*Truth and Method* 304; akin ang salin). Kung walang ganap na nagsasarang abot-tanaw at may posibilidad para sa pagpapalawak ng abot-tanaw, maaari naman kayang magtagpo ang dalawa o higit pang abot-tanaw? Dinadala tayo ng katanungang ito sa konsepto ng diyalogo na pangunahing iniangkop sa pag-aaral na ito. Nagsilbing salalayan din ng pilosopikal na hermeneutika ni Gadamer ang pilosopiya ni Platon (c. 428-347 BC). Isa sa mga prominenteng katangian ng mga diyalogo ni Platon ang pagkakasundo ng mga kalahok sa kabila ng kanilang mga nagtutunggaliang pananaw hinggil sa isang paksa. Ang pagkakasundong ito, para kay Gadamer, ay resulta ng isang diyalehikong pag-uunawa. “Ang diyalektika,” ani Gadamer, “ay nabubuhay mula sa kapangyarihan ng diyalehikong pagtungo sa pag-unawa . . . at napananatili sa bawat hakbang ng daan nito sa pamamagitan ng pagtitiyak sa pagsang-ayon ng kausap” (*Plato’s Dialectical Ethics* 18; akin ang salin). Ang diyalektika ni Platon ay iniangkop ni Gadamer sa kaniyang sariling konsepto ng hermeneutikong diyalogo, kung saan natatamo ang isang magkatulad na pag-unawa o pagkakasundo sa pagitan ng dalawang magkasama sa konbersasyon (Simms 40). Ano ang nangyayari sa mga abot-tanaw na ito kapag lumalahok ang mga tao sa isang diyalogo? Para kay Gadamer, ang magkatulad na pag-unawang layunin ng diyalogo ay isang “pagsasanib ng mga abot-tanaw” (*fusion of horizons*). Ayon kay Demeterio, ang pakay ng diyalogo ay pagsasanib ng mga abot-tanaw ng mga kalahok na matatamo sa pamamagitan ng kanilang pag-uusap at palitan ng

mga kaalaman, damdamin, at prehuwisyong (“Ang mga Dialohikal na Hermenyutika” 33).

Gamit ang pilosopikal na hermeneutika ni Gadamer bilang teoretikal na batayan, ipinakikita ng Pigura 1 ang konseptuwal na balangkas ng kasalukuyang pag-aaral. Ipinakikilala ng dayagram ang pag-aaral bilang isang dalawang-tuping proyekto. Una, sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga teksto ng bawat lingguwista, natukoy ng mananaliksik ang kanilang mga kaisipan hinggil sa wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Sa proseso ng pagbabasang ito, nakipagtagpo at nakipagdiyalogo ang mananaliksik sa mga teksto na nagresulta sa pagsasanib ng mga abot-tanaw ng mga teksto at ng mananaliksik, gayundin ng kasalukuyang kinabibilangan ng mananaliksik at ng nakaraang kinabibilangan ng mga indibidwal na paksa at kanilang mga teksto. Ikalawa, sa pamamagitan ng komparatibong pagsusuri sa mga isinulat ng tatlong lingguwista, nailunsad naman ang isang diyalogo sa pagitan ng mga teksto at pagsasanib ng mga abot-tanaw nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez, na naging posible dahil sa mananaliksik na nagsilbing tagapamagitan. Sa pamamagitan ng pagsipat sa isang lingguwista mula sa pananaw ng dalawa pang lingguwista, isinagawa ng mananaliksik ang sinabi ni Gadamer na pagtinging “lampas sa kung ano ang malapit sa kaniya—hindi upang tumingin palayo kundi upang makita ito nang mas mabuti, sa loob ng mas malaking kabuoan at sa mas makatotohanang proporsiyon” (*Truth and Method* 304; akin ang salin).



**Fig. 1.** Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral

Sang-ayon din ito sa sinabi ni Demeterio na ang diyalohikong hermeneutika nina Heidegger at Gadamer ay nagtuturo na bagaman ang dalawang indibidwal o teksto ay magkaibang-magkaiba, ang paggamit sa isa sa kanila bilang perspektiba sa pag-unawa ng isa pa, at bise bersa, ay magpapalitaw ng mas malalim at mayamang pag-unawa sa kanilang mga radikal na indibidwalidad (“Looking at Botong Francisco” 300). Sa huli, nagbigay-daan ang diyalohikong pagbasa sa mga isinulat nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez sa pagtukoy ng kanilang mga pagkakasundo at di-pagkakasundo.

## PILOSOPIKO-HERMENEUTIKONG PAGBASA KINA SIBAYAN, CONSTANTINO, AT GONZALEZ

### Paghahambing sa Kanilang mga Buhay-intelektuwal

Bagaman ang pokus ng hermeneutika ay ang teksto, kapaki-pakinabang ding tingnan sa isang diyalohikong pagbasa ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa buhay ng mga sinusuring awtor upang mas maging kontekstuwalisado ang pagsasanib ng mga abot-tanaw. Mangyari pa, binibigyang-diin naman ng pilosopikal na hermeneutika ni Gadamer ang pag-iral at pagiging historikal na nilalang ng mga tao na lumayo sa tradisyonal na pagtrato sa hermeneutika bilang sining ng interpretasyon ng teksto. Ang ganitong lapit sa pagsipat sa buhay ng mga indibidwal ay isinagawa na noon pang panahon ng Sinaunang Gresya ni Plutarch, isang Griyegong mananalambuhay at pilosopo. Sa kaniyang obrang *Bioi parallēloi* (*Parallel Lives*), pinaghambing ni Plutarch ang mga buhay ng mga bantog na Griyego at Romano. Siniyasat ni Plutarch kung paanong ang mga buhay ng mga pinuno mula sa dalawang magkaibang nasyon, ang Gresya at Roma, ay nagkakatulad. Katulad ng nilalayan ng pilosopikal na hermeneutika ni Gadamer (i.e., ang pagbubunsod ng pagkakaunawaan sa kabila ng mga radikal na pagkakaiba), nilayan ni Plutarch na magbunsod ng pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Griyego at Romano.

Sa maraming paraan, kapansin-pansin ang mga pagkakatulad sa buhay nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez, bukod pa sa katotohanang sila ay mga lingguwista. Sa panahon ng kanilang kabataan at batayang edukasyon, mapupuna ang sumusunod na pagkakatulad. Una, sila'y magkakakontemporaneo. Ginugol nila ang kanilang kabataan noong unang hati ng ika-20 dantaon at naabutan nila bilang mga bata (sa kaso ni Sibayan, bilang isang binata) ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ikalawa, mapupuna ring bagaman nakilala ang mga lingguwistang ito bilang tagapagtaguyod ng wikang pambansa sa kani-kaniyang natatanging paraan, ang kanilang mga angka'y nag-ugat mula sa rehiyon sa labas ng Maynila, ang sentro ng *lingua franca* na ang malaking bahagi'y Tagalog. Si Sibayan ay lumaki sa Cordillera; si Constantino ay tubong Nueva Ecija; at si Gonzalez naman, bagaman ipinanganak at lumaki sa Kamaynilaan, ay nagmula sa isang pamilyang Kapampangan. Ikatlo, pare-pareho silang naging mga mag-aaral ng isang sistemang pang-edukasyon na ang dominanteng midyum ng pagtuturo at pagkatuto ay Ingles. Sina Sibayan at Constantino ay nakatikim ng edukasyong Americano bago pa ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at si Gonzalez naman ay isa sa mga mag-aaral ng unang taong pampaaralan pagkatapos ng digmaan. Ikaapat, pare-pareho rin silang nagpamalas ng kahusayan sa pag-aaral. Si Sibayan, sa murang edad, ay pumasok sa kurikulum ng *secondary normal school* at maagang nakapagturo sa mga paaralang-baryo. Si Constantino ay nagtapos bilang *valedictorian* noong siya'y

hayskul. Samantalang si Gonzalez naman ay natapos sa loob lamang ng siyam na taon ang elementary at hayskul.

Sa panahon ng di-gradwado hanggang gradwadong edukasyon nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez, mapapansin ang sumusunod na pagkakatulad. Una, mapupunang bago sila nagpakadalubhasa sa lingguwistika, nagsimula sila bilang mga medyor ng Ingles. Nagtapos sa kursong Bachelor of Secondary Education Major in English si Sibayan; sina Constantino at Gonzalez naman ay nagtapos sa kursong Bachelor of Arts in English. Ikalawa, pare-pareho silang nakapag-aral sa Estados Unidos, kung saan nila tinapos ang kanilang doktorado sa lingguwistika. Si Sibayan ay nagtapos ng doktorado sa University of Michigan; si Constantino sa Indiana University; at si Gonzalez sa University of California, Berkeley.

Sa buhay naman bilang mga propesyonal ng tatlong lingguwista, mapapansin ang sumusunod na pagkakatulad. Una, sa kanilang pagbabalik sa Pilipinas, nagturo sila ng lingguwistika sa mga sumisibol pa lamang na lingguwista sa bansa. Si Sibayan ay nagsimulang maging propesor sa Philippine Normal College (PNC) at kalauna'y sa *consortium* ng PNC, Ateneo de Manila University (ADMU), at De La Salle University (DLSU). Si Constantino ay agad namang nagturo sa University of the Philippines (UP). Si Gonzalez, katulad ni Sibayan, ay nagturo ng lingguwistika sa *consortium* at sa DLSU. Ikalawa, pare-pareho rin silang humawak ng mga administratibong posisyon sa pamantasan. Si Sibayan ay nagsimula bilang direktor ng Language Study Center ng PNC hanggang sa naging pangulo ng pamantasan. Si Constantino ay naging tagapangulo ng Department of Oriental Languages and Linguistics at Department of Pilipino and Philippine Linguistics sa UP. Si Gonzalez naman ay nagsimula bilang tagapangulo ng English Department ng De La Salle High School-Bacolod hanggang sa naging pangulo ng DLSU. Ikatlo, sa labas ng pamantasan, naging aktibong kasapi sila ng mga samahang panlingguwistika. Nagkasama sina Sibayan at Gonzalez at nagkaroon ng malaking kontribusyon sa Linguistic Society of the Philippines (LSP). Si Sibayan ay isa sa mga tagapagtatag ng LSP at naging pangulo rin nito, at si Gonzalez naman ay naging pangalawang pangulo, kalihim, at patnugot ng *Philippine Journal of Linguistics* sa loob ng mahabang panahon. Si Constantino naman ay isa sa mga tagapagtatag ng Diliman Linguistics Circle. Ikaapat, humawak din sila ng mga posisyon sa pambansang ahensiyang pangwika. Naging tagapangulo si Constantino ng Komite sa Gramatika at Leksikograpiya ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP). Sina Sibayan at Gonzalez naman ay kapwa nanungkulan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) bilang *part-time commissioner*. Ikalima, pare-pareho silang naging aktibo sa pakikisangkot sa kilusang pangwika noong panahon ng Kumbensiyong Konstitusyonal noong 1971-1972 at Komisyon ng Konstitusyonal noong 1986.

Maliban sa mga pagkakatulad, maaari ding maitampok ang pagkakaiba ng naturang mga pantas-wika. Una, may pagkakaiba sa pokus sa pag-aaral ng wika sina Sibayan, Gonzalez, at Constantino. Samantalang mas naging masigasig sina Sibayan at Gonzalez sa mga sangay na sosyolingguwistika at *applied linguistics* na nakatuon sa pagtuturo ng wika, si Constantino naman ay mas nagpokus sa deskriptibong lingguwistika, gramatika, at leksikograpiya. Mainam ding banggitin na ang mga doktoral na disertasyon nina Constantino at Gonzalez, bagaman kapwa deskriptibo at nakaugat sa tradisyong Amerikano, ay naging tanda ng paghihiwalay ng mga teorya nina Noam Chomsky at Wallace Chafe sa Pilipinas (Viray 291). Samantalang mahigpit ang pagkakabigkis ng disertasyon ni Constantino sa tradisyon ni Chomsky na may pagtuon sa mga transpormasyon sa estruktural at sintaktikal na nibel ng wika, nakasang-ayon naman sa tradisyon ni Chafe (tagapayo ni Gonzalez) ang disertasyon ni Gonzalez na nakatuon sa ugnayan ng semantika at panlabas na estruktura ng wika. Ayon kay Joseph Viray, maituturing ang disertasyon ni Gonzalez na isang inobasyong lumayo sa tradisyon nina Chomsky at Constantino (290).

Ikalawa, kapansin-pansin na kaiba kay Constantino, sina Sibayan at Gonzalez ay kapwa may bakgawnd bilang mga propesyonal na guro ng wika, hindi lamang sa tersiyaryang antas kundi maging sa batayang edukasyon. Malaki ang kaugnayan ng salik na ito sa naging pagtuon nina Sibayan at Gonzalez sa *applied linguistics*. Kaugnay ng ikalawang pagkakaiba nito ang ikatlo—ang lubusang pagiging sangkot nina Sibayan at Gonzalez sa pambansang programa sa bilingguwal na edukasyon. Kapwa naging kasapi ng *Committee to Prepare Guidelines for the Implementation of the National Board of Education Policy on the Use of Pilipino and English as Media of Instruction* sina Sibayan at Gonzalez. Naging magkatuwang din sila sa maraming pag-aaral hinggil sa implementasyon ng naturang programa. Samantala, si Constantino naman, bagaman naging sangkot din sa bilingguwal na edukasyon, ay mas naging masigasig sa patakarang pangwika ng UP.

Ikaapat, bagaman pare-parehong humawak ng mga administratibong posisyon sina Sibayan, Constantino, at Gonzalez sa pamantasan, mas naging malawak ang administratibong karanasan nina Sibayan at Gonzalez sapagkat naging pangulo sila ng kani-kaniyang pamantasan sa loob ng mahabang panahon. Dagdag pa rito, si Gonzalez ay naging miyembro ng gabinete ng pambansang pamahalaan noong itinalaga siya bilang Kalihim ng Edukasyon ni Pangulong Joseph Estrada. Ikalima, kapuna-puna rin naman ang kani-kaniyang natatanging interes nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez na labas sa pag-aaral ng wika. Bukod sa pagiging lingguwista, si Sibayan ay nakilala rin bilang isang artista ng pinta, eskultura, at potograpiya. Si Constantino naman ay isang poklorista. Tinahak naman ni Gonzalez ang landas ng pagiging relihiyoso bilang isang Christian Brother.

### Mga Pagkakasundo at Di-pagkakasundo ng Kanilang mga Kaisipan Hinggil sa Wikang Panturo sa Sistemang Pang-edukasyon ng Pilipinas

Sa mga ideya nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez na lumitaw sa mga tekstong sinuri, mapapansing nagkakasundo sa maraming punto sina Sibayan at Gonzalez. Una, kapwa itinaguyod ng dalawang lingguwista ang bilingguwal na edukasyon (BE) sa Pilipinas. Naniwala sina Sibayan at Gonzalez na ang bilingguwalismo sa Filipino<sup>3</sup> at Ingles ay isang katotohanan at pangangailangan sa Pilipinas. Sa mga patakarang pangwikang ipinatupad sa Pilipinas, naniwala si Sibayan na isa sa mga maituturing na tagumpay ng pagpaplanong pangwika ang programa ng BE (“Filipino and the Filipino’s” 138-139). Noong 1974, ipinatupad ang programa ng BE na may sumusunod na katangian: hiwalay na paggamit ng Filipino at Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa mga partikular na asignatura mula Unang Baitang, paggamit ng unang wika bilang pantulong na midyum sa Una at Ikalawang Baitang, pagtuturo ng Filipino at Ingles bilang mga asignatura sa paaralang elementarya at sekondarya, at paggamit ng Arabe kung kinakailangan (“Bilingual Education” 339). Ayon kay Sibayan, sa pamamagitan ng BE, bahagyang nagtagumpay ang mga Pilipino sa pagpapanatili ng kanilang mga katutubong pagkakakilanlan, pakikibahagi sa *mainstream* ng pambansang buhay sa pamamagitan ng wikang pambansa, at pakikilahok sa pandaigdigang komunidad sa pamamagitan ng Ingles (“Bilingual Education” 354). Isa naman si Gonzalez sa mga kasaping bumubuo sa komiteng naghanda ng patnubay para sa implementasyon ng BE (Gonzalez, “Manpower and Materials” 9). Ayon kay Gonzalez, ang layunin nito’y “gawing permanenteng katangian ng buhay-Pilipino ang bilingguwalismo at gumawa ng dibisyon ng mga larangan para sa paggamit ng bawat wika: Filipino para sa larangan ng buhay-panlipunan at pangkultura, at Ingles para sa larangan ng pandaigdigang komunikasyon at agham at teknolohiya” (“The 1973 Constitution” 335-36; akin ang salin).

Ikalawa, kapwa iginiit nina Sibayan at Gonzalez ang pananatili ng Ingles sa sistemang pang-edukasyon ng mga Pilipino. Tinanggihan nila ang mga panawagang gamitin ang Filipino sa lahat ng asignatura sa lahat ng antas ng edukasyon sa Pilipinas sapagkat hindi pa intelektuwalisado ang Filipino. Nanindigan si Sibayan na isang malaking pagkakamali ang paniniwalang dahil ang Filipino ay ginagamit sa pagsasalita at naiintindihan ng halos lahat ng mga Filipino ay maaari na rin itong gamitin hanggang sa lalong mataas na edukasyon sa pamantasan (“Ilang Suliranin” 481). Naniwala si Sibayan na ang Pilipinong maalam lamang sa Filipino ay hindi makakukuha ng kompletong edukasyon hanggang kolehiyo at kahit pa nga hayskul (“Literacy Redefined” 288). Dahil nga hindi pa ito ganap na intelektuwalisado, Ingles pa rin ang nangingibabaw lalo na sa pagtuturo at pagkatuto ng mga espesyalisado at teknikal na paksa. Kakaunti lang din ang mga babasahin sa Filipino, maliban na lamang sa panitikan kung saan maituturing na maunlad ang Filipino (“Literacy

Redefined” 288). Ayon kay Sibayan, napipilitan ang Pilipinong matuto sa wikang Ingles sapagkat hindi maakses sa kaniyang sariling wika ang kaalaman ng daigdig (“Language Policy” 2). Para naman kay Gonzalez, maaaring (at dapat) panatilihin pareho—ang Ingles at Filipino—hindi lamang sa sistemang pang-edukasyon kundi sa lipunang Pilipino sa kabuoan. Kaiba ito sa itinataguyod ng mga tinatawag ni Gonzalez na “ultranationalist” na tumutuligsa sa pagtatalaga ng Ingles bilang isa sa mga wikang opisyal (“English Language Teaching” 486). May ilang praktikal na dahilang inilalatag si Gonzalez na nagmumula sa perspektibo ng ugnayang wika at pambansang kaunlaran kung bakit kailangan pa rin ng mga Pilipino ang Ingles. Nasa katayuan ang Ingles ng pagiging isang *language of wider communication* dahil sa dami ng taong nakagagamit nito sa iba’t ibang dako ng daigdig. Ayon kay Gonzalez, nangangailangan ng *language of wider communication* ang mga mamamayan ng anomang bansa upang magkaakses sa siyentipikong literatura at para magamit sa ugnayang panlabas, pangnegosyo, at pangkalakalan (“An Overview” 11).

Ikatlo, nagkakasundo rin sina Sibayan at Gonzalez na ang kalagayang politikal, sosyal, at ekonomiko ng Pilipinas ang humahadlang sa ganap na paglipat sa Filipino ng sistemang pang-edukasyon. Maraming suliraning nakita si Sibayan sa mithiing ito, kabilang na ang kakulangan ng politikal na determinasyon at pagpopondo, ang pagtangi ng ilang populasyon sa paggamit ng Filipino, ang suliranin sa paghahanap ng trabaho bunsod ng pananatili ng Ingles bilang pangunahing wika sa komersiyo at industriya, at agham at teknolohiya, at ang muling pagtuturo at pagsasanay sa napakaraming Pilipinong guro hinggil sa kung paano ituturo sa Filipino ang mga asignaturang pangnilalaman na nakasanayan nilang ituro sa Ingles (“The Vision” 207). Kaugnay nito, nangangamba si Gonzalez na ang ganap na paglipat sa Filipino sa sistemang pang-edukasyon ay magdudulot ng pagkakahating panlipunan sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap. Ayon kay Gonzalez, patuloy na matututuhan at mapananatili ng mga ekonomiko at intelektuwal na elite ang Ingles habang matitira sa mga ekonomiko at intelektuwal na mahihirap ang Filipino, kaya kailangang tiyakin na ang mga hindi ganoon kayaman, kung may sapat na katalinuhan, ay magkakaroon din ng akses sa isang pandaigdigang wika at gamitin ito para sa kanilang panlipunang mobilidad habang nagtatamo ng kompetensiya sa kanilang wikang pambansa (“English Language Teaching” 489).

Ikaapat, parehong pinuna nina Sibayan at Gonzalez ang mga suliranin sa implementasyon ng BE sa Pilipinas. Sa isang ebalwasyong isinagawa noong 1978, apat na taon mula nang ipinatupad ang BE, lumitaw na hindi pa ganap at naging mabagal ang implementasyon ng BE dahil sa mga suliranin tulad ng kakulangan ng mga kagamitang panturo, kakulangan sa kasanayan ng mga guro, pagtangi ng mga magulang sa ilang rehiyon sa pagpapagamit ng Filipino, at ang pagtuturo ng Filipino na nakatuon sa gramatika (Gonzalez, “Evaluating the Progress” 5). Sa isa pang pagsisiyasat na isinagawa nina Sibayan at Gonzalez sa BE noong 1988, natuklasan

nila ang magkakaibang sitwasyon sa mga paaralan sa Pilipinas na nagresulta sa magkakaibang antas ng pagkatuto sa Ingles at Filipino. Sa mahuhusay na paaralang may mga kompetenteng guro, *supervisor*, at administrador at may sapat na mga kagamitang panturo at pasilidad, natuto nang mabuti sa parehong Ingles at Filipino ang mga mag-aaral, samantalang mahina naman sa Ingles at Filipino ang mga mag-aaral na nasa mga paaralang may mga inkompetenteng guro, nakakukuha ng salat na superbisyon at tulong mula sa mga *supervisor*, at may kakulangan sa mga kagamitang panturo at pasilidad (Sibayan et al., sipi ni Sibayan, “Insights” 256).

Makikita rin naman ang mga puntong natatangi lamang kay Sibayan. Iginiit ni Sibayan na mahalagang pag-aralan ang barayti ng Ingles sa Pilipinas upang ito ang gamitin sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas. Ayon kay Sibayan, ang pagtuturo ng Americanong barayti ng Ingles sa mga Pilipino ay problematiko sapagkat (1) maaari itong bumangga sa makabayang damdamin, (2) maaari nitong muling buhayin ang mga alaala ng kolonyal na nakaraan, (3) nangangahulugan itong isasantabi ang di-katutubong barayti na katanggap-tanggap naman sa Ingles, at (4) halos imposibleng makakuha ng mga modelong katutubong ispiker para sa malalaking populasyong nag-aaral ng ikalawang wika (“Teaching” 383). Pinuna niya rin ang pag-iral ng Taglish sa mga paaralan. Sa pangkalahatan, positibo ang pagtanggap ni Sibayan dito. Sa katunayan, tinaya niyang ang magiging pangunahing barayti ng Filipino sa hinaharap ay intelektuwalisadong Taglish (“Insights” 245). Gayunman, isang negatibong aspekto na tinukoy ni Sibayan hinggil sa paglaganap ng Taglish ang pagpapahintulot ng mga Pilipino sa maraming uri ng *interference* (epektong unang wika sa ikalawang wika) hindi lamang sa ponolohikal kundi maging sa gramatikal at leksikal na nibel, na nagreresulta sa pagdebelop ng hindi balanseng bilingguwalismo sa Ingles at Filipino (“Some Problems” 408). Itinaguyod din ni Sibayan ang pagbubuo ng isang *pedagogical idiom* na makatutulong sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Ayon sa kaniya, ang *pedagogical idiom* ay binubuo ng angkop na nilalaman ng mga asignatura para sa bawat baitang o edad ng mga mag-aaral, mga kaakibat na metodo o estilo ng pagtuturo, at mga angkop na panuto sa mga guro; nagbibigay-daan sa pagtatakda ng isang partikular na paksa para sa iba’t ibang baitang o nibel ng mga mag-aaral sa sistema ng edukasyon; at binubuo ng mga kwalipikadong materyal na may mga angkop na teksto at mga suplementaryong kagamitan at sanggunian, metodo ng pagtuturo, pagsusulit at ebalwasyon, at iba pa (“The Vision” 208).

May mga punto ring pinaglaanan ng pokus ni Gonzalez. Kaiba sa paniniwala ni Sibayan na kailangang magkaroon ng balanseng bilingguwalismo sa Ingles at Filipino ang mga Pilipino, sinabi ni Gonzalez na isa itong ideal na hindi matatamo, kaya iminungkahi niyang rebisahin ang kurikulum upang ito’y mas maging makatotohanan para sa sitwasyon ng mga Pilipino (“National Consultation” 10). Pinuna rin ni Gonzalez na sa labas ng paaralan, walang komunidad na sumusuporta

sa praktikal na paggamit ng Ingles lalo na sa mga rural na pook. Sa ganitong sitwasyon, tanong ni Gonzalez: “Posible kayang lumikha ng isang *milieu* [para sa praktikal na gamit ng Ingles sa labas ng silid-aralan] . . . sa isang liblib na paaralang-baryo kung saan walang katulad na motibasyon ang umiiral at, higit pa rito, hindi posible ang kontak sa isang banyaga?” (“Communicative Language Teaching” 99-100; akin ang salin). Kaugnay nito, iminungkahi niya ang komunikatibong pagtuturo ng wikang Ingles na sangkot ang paglikha ng isang mundo sa silid-aralan kung saan nagiging natural ang paggamit ng Ingles. Kabilang sa mga iminungkahing hakbang ni Gonzalez ang paggamit ng Ingles maging sa mga pang-araw-araw na realidad katulad ng mga pagbati, pagpapaalam, at pagkuha ng pagkain, pagkakaroon ng mga dula-dulaan kung saan maaaring gumanap ang mga mag-aaral sa iba’t ibang papel, at paggamit sa musika bilang midyum ng pagtuturo (100-101). Binigyang-diin din niya na malaking salik sa tagumpay ng anomang patakarang pangwika sa edukasyon ang kahusayan ng mismong impraestrukturang pang-edukasyon ng bansa, na sa Pilipinas ay lubos na nangangailangan ng pagsasaayos lalo na sa sekondaryang antas (“Evaluating Bilingual Education” 338). Dahil sa mga suliranin ng mismong sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas, nahihirapang maipatupad nang mas mabuti ang bilingguwal na sistemang pang-edukasyon.

Ibang-iba naman kina Sibayan at Gonzalez ang mga kaisipan ni Constantino hinggil sa nararapat na wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Nanindigan si Constantino na Filipino dapat ang gawing pangunahing wikang panturo sa anomang kurso o asignatura sa lahat ng paaralan sa Pilipinas pati na sa mga kolehiyo at pamantasan (“Ang Pilipino” 12-13). Sa katunayan, bago pa man ang pagpapatibay ng Konstitusyon ng 1973, iminungkahi na ni Constantino na kailangang Filipino lamang ang gawing tanging wikang opisyal ng Pilipinas (“Ang Hinaharap” 11). Samantala, ang Ingles ay maaari namang ituro bilang isang asignatura lamang (Constantino et al. 70). Ayon sa kaniya, mas maraming gumagamit at nakaiintindi ng Filipino kaysa Ingles na siyang nangibabaw na wikang panturo sa maraming paaralan (“Ang Pagpapalaya” 237). Iniugnay rin ni Constantino ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa pambansang layuning idebelop ang wikang pambansa. Para sa kaniya, ang pagpapalaganap ng wikang pambansa ay isang kabuoang tungkulin ng mga paaralan (Constantino et al. 70). Naniwala rin si Constantino na intelektuwalisado na ang Filipino. Ang mga kritisismo sa paggamit ng Filipino na nag-uugat sa paniniwalang hindi raw ito intelektuwalisado ay “pawang walang tunay na batayan at panakip lamang sa kakapusan ng kaalaman at pagkagusto sa wikang ito ng mga taong gumagawa ng ganitong paratang” (“Ang Pagpapalaya” 237). Sa katunayan, para kay Constantino, kapantay na ng Ingles ang Filipino bilang isang disiplina o larangan ng pag-aaral at bilang midyum ng pagtuturo (“Ang ‘Universal Approach’” 19-20).

Binigyang-diin din ni Constantino ang mga kahinaan ng Ingles bilang wikang panturo sa mga Pilipino. Pinuna niya ang paggugol ng mga Pilipino ng mahabang panahon sa kaaaral o kamememorya sa wikang Ingles kung kaya't nawalan na sila ng panahong mag-isip ("Ang Programa" 70). Sapagkat hindi katutubong wika ng mga Pilipino ang Ingles, kailangan pa nilang matutuhan ang isang dayuhang wika bago maunawaan ang mga paksa sa mga asignaturang itinuturo sa wikang ito. Naging malupit din ang paraan ng pagtuturo ng Ingles, na kung mahuli ang mga mag-aaral na "nagkamaling" magsalita sa katutubong wika sa loob ng silid-aralan ay minumultahan sila (67). Naging mabagal ang pagkatuto ng mga Pilipino sa wikang Ingles at madalas na hindi nila nalalaman kung mayroon ba talaga silang nauunawaan o natututuhan sa kanilang mga binabasa sa wikang Ingles (70). Itinuro ding dahilan ni Constantino ang persepsiyon ng mga Pilipino hinggil sa kanilang mga sarili. Ayon sa kaniya, ang paggamit ng wikang Ingles bilang ekspresyon ng pagkaedukado at "pagkasibilisado" ng mga Pilipino ay nagbibigay sa kanila ng damdamin ng inferyoridad (70). Dagdag pa rito, sinabi nina Constantino et al. na bigo ang Ingles bilang wikang panturo para sa nakararaming Pilipinong dahil sa kahirapan ay walang kakayahang makapag-aral sa mga paaralang mahusay-husay ang pagtuturo ng wikang Ingles at ni hindi man lang natutuhan ang Ingles bago pa man tumuntong sa paaralan (69).

Iginiit din ni Constantino na mahalaga ang paggamit ng Filipino sa sistemang pang-edukasyon tungo sa "normal, mabilis at progresibo" na development ng mga Pilipino ("Ang Development" 98). Para sa kaniya, naging "abnormal" ang development ng mga Pilipino, lalo na iyong mga nasa "eksklusibong eskwelahan ng mga mayayaman at makapangyarihan," sapagkat mas alam nila ang banyagang wika at kultura kaysa sa kanilang sariling wika at kultura (99). Maiuugnay ito sa paniniwala ni Constantino na kolonisado pa rin ang isipan ng maraming Pilipino, kung kaya't mas binibigyan nila ng preperensiya ang isang banyagang wika (i.e., Ingles) para sa kanilang edukasyon. Naniwala si Constantino na ang paggamit ng Filipino sa sistemang pang-edukasyon ay isang paraan ng pagpapalaya sa mga Pilipino mula sa kolonisadong pag-iisip na ito. Ayon pa sa kaniya, ang pagmamahal at katapatan sa bansa ay madaling mabubuo sa mga Pilipino kung ang edukasyon nila ay batay sa kanilang sariling wika at kultura (100).

Itinaguyod din ni Constantino ang isang bilingguwal na programa ng edukasyon na kaiba sa patakarang itinaguyod nina Sibayan at Gonzalez. Ang BE para kay Constantino at yaong ipinatupad sa UP ay "nangangahulugan ng malayang paggamit ng Ingles at/o Filipino (dati'y Pilipino) sa pagtuturo at pag-aaral ng anumang kurso," kung saan ang mga guro at mag-aaral "ang mamimili kung Ingles o Filipino, o kaya'y ang dalawang wikang ito, ang gagamitin nila sa kanilang klase" ("Ang Programa" 60). Ibig sabihin, maging sa mga kursong teknikal, katulad ng mga agham at inhenyeriya na karaniwang itinuturing na larangan ng Ingles, ay may kalayaan ang

gurong gamitin ang wikang Filipino. Nanindigan din si Constantino na hindi BE ang magiging permanenteng kalakaran sa mga paaralan sa Pilipinas. Ayon kina Constantino et al., dapat na ituring na transisyonal lamang ang bilingguwal na patakarang pang-edukasyon tungo sa monolingguwalismo sa Filipino (69).

Makikita sa diskusyon sa itaas ang madalas na pagkakasundo ng mga kaisipan nina Sibayan at Gonzalez at ang radikal na kaibahan ng kaisipan ni Constantino. Kung babalikan ang paghahambing sa mga buhay-intelektuwal ng tatlong lingguwista, mapapansin ang pagiging magkasama nina Sibayan at Gonzalez sa maraming pagkakataon sa kanilang buhay bilang mga akademiko. Nagkasama sila sa PNC-ADMU-DLSU *consortium* (at naging guro pa nga ni Gonzalez si Sibayan), LSP, pagbabalangkas at ebalwasyon ng BE, at maraming proyektong pampananaliksik. Sa labas ng akademya, naging matalik na magkaibigan din sina Sibayan at Gonzalez (Bautista). Samantala, nakabuo naman ng hiwalay na agos ng lingguwistikong tradisyon si Constantino at kaniyang mga kasamahan sa UP. Gayunman, marami ring pagkakataong nagkrus ang mga landas nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez sa mga seminar at kumperensiyang pangwika.

### **PAGTATASA: PAGSASANIB NG MGA ABOT-TANAW NG NAKARAAN AT KASALUKUYAN**

Upang mapagtibay ang kahalagahan at kabuluhan ng pag-aaral sa mga kaisipan ng tatlong lingguwistang ito, mainam na tasahin ang mga ideyang lumitaw sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga ito mula sa perspektiba ng mga kasalukuyang usaping pangwikang kinahaharap ng mga Pilipino. Kung susundin ang pilosopikal na hermeneutika ni Gadamer, ang abot-tanaw ng nakaraan ay hindi lubusang tiwalag mula sa abot-tanaw ng kasalukuyan. Sa katunayan, nagsasanib pa rin ang dalawang abot-tanaw na ito sa kabila ng distansiyang temporal.

Sa pagsusuri sa mga pagkakasundo at di-pagkakasundo nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez hinggil sa wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas, lumitaw na may dalawang nagbabanggaang pananaw: ang pagtataguyod nina Sibayan at Gonzalez sa BE at ang pagtataguyod naman ni Constantino sa paggamit ng Filipino bilang pangunahing wikang panturo sa lahat ng antas at disiplina. Katulad nina Sibayan at Gonzalez, nakikita rin ng mananaliksik na sa kasalukuyan, hindi praktikal na lubusang lumipat sa Filipino ang buong sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas dahil nga sa katotohanang hindi pa ganap na intelektuwalisado ang Filipino. Kung susundan si Sibayan, sapagkat mahigpit ang

pangangailangan ng *controlling domains* katulad ng paaralan sa mahusay na pagbasa at pagsulat, mahihirapang isagawa ang kompletong edukasyon ng mga Pilipino sa Filipino sa kasalukuyang yugto ng intelektuwalisasyon nito. Gayunman, higit pa sa usapin ng praktikalidad, kailangang harapin ang katotohanang ang Filipino, bilang wikang pambansa ng Pilipinas, ang nararapat na wika ng edukasyon sa Pilipinas sapagkat ito ang wika ng kaluluwang Pilipino at hindi ang Ingles, katulad ng iginiit ni Constantino. Sa katunayan, ito naman talaga ang mithiin ng mga komisyoner ng 1986 Komisyong Konstitusyonal kaakibat ng pagtatalaga sa Filipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas. Sa mga unang borador ng probisyon sa wikang pambansa, makikitang tuwirang inihahayag na dapat gumawa ng mga hakbang ang gobyerno tungo sa paggamit ng wikang pambansa bilang midyum ng komunikasyon sa lahat ng sangay ng gobyerno at bilang midyum ng pagtuturo at pananaliksik *sa lahat ng antas ng sistemang pang-edukasyon* (Gonzalez at Villacorta 31; akin ang diin). Sa isip ng mga komisyoner, mahalaga ang papel na gagampanan ng wikang pambansa sa makabayang edukasyong kanilang minimithi.

Gayunman, kung susuriin ang mga kasalukuyang patakaran ng gobyerno, masasabing humahakbang palayo ang sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas sa mithiing ito. Isang halimbawa nito ang pagpapatupad ng Commission on Higher Education (CHED) Memorandum Order No. 20 na nagsasaopsiyonal sa pagtuturo sa/ng Filipino sa kolehiyo. Sa mas malawak na pagtingin, makikitang bahagi ito ng mas malaking politikal at ekonomikong layunin ng kabuoang patakarang pang-edukasyon sa bansa. Noong 2012, nagsimula ang implementasyon ng sistemang K to 12 sa Pilipinas na nagdagdag ng dalawang taon ng *senior high school*. Isa sa mga dahilang ibinigay ng gobyerno sa pagpapatupad nito ay ang pagbibigay ng sapat na kasanayan sa mga mamamayan upang makapagtrabaho sa ibang bansa kahit hindi makatapos ng kolehiyo (San Juan, “Neoliberal Restructuring” 81). Sa pamamagitan daw ng K to 12, magagawang makipagkompentensiya ng mga *Overseas Filipino Workers* (OFW) dahil mas kinikilala doon ang 12 taon sa batayang edukasyon. Ayon kay San Juan, sinuportahan din ng mauunlad na bansa at malalaking korporasyon ang K to 12 dahil desperado silang makakuha ng mga bihasang manggagawa mula sa mga papaunlad na bansa (tulad ng Pilipinas) na tumatanggap ng mas mababang suweldo (“Neoliberal Restructuring” 85). Kaakibat ng ganitong oryentasyon ng edukasyon ang pagpapatingkad sa prestihiyo ng wikang Ingles sa bansa at pag-iisantabi sa kahalagahan ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Pilipinas. Taliwas sa probisyong pangwikang nilalaman ng Konstitusyon ng 1987, na inaasahang magreresulta sa unti-unting pagliit ng larangan ng Ingles sa buhaypanlipunan at sistemang pang-edukasyon ng bansa (Gonzalez, “English Language Teaching” 486), walang aktibong pagkilos sa parte ng pamahalaan na palawakin ang mga larangan ng wikang Filipino. Sa katunayan, habang isinusulat ang artikulong ito, wala pang naipapanukalang batas na tahasang nagpapababa sa posisyon ng Ingles, at may mga mambabatas at pangulo pa ngang nagtangkang isabatas ang

paggamit ng Ingles bilang pangunahin o nag-iisang midyum ng pagtuturo sa bansa (San Juan, *Language and Education Policies* 38).

Lumilitaw, samakatuwid, na ang programang K to 12 at iba pang patakarang nagsasapamilihan sa edukasyong Pilipino ay nagpapatibay sa patuloy na pagdepende ng Pilipinas sa mga makakapangyarihang bansa. Dahil dito, nahahadlangan din ang industriyalisasyon ng Pilipinas sapagkat sasandig na lamang ekonomiya nito sa *remittance* ng mga OFW (San Juan, “Guro, Paaralan, at Bayan” 20). Isa ang industriyalisasyon sa mga susi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang bansa, at maisasakatuparan lamang ito kung may sapat na manggagawa at propesyonal ang isang bansa upang matugunan ang mga sarili nitong pangangailangan (Roblas at Institute of Chartered Accountants in England and Wales, sipi ni San Juan, “Guro, Paaralan, at Bayan” 21). Sa huli, malinaw na ang pagpapaunlad sa wikang Filipino at ang paggigiit dito bilang pangunahing wika ng sistemang pang-edukasyon ay bahagi ng pagsisikap na makawala sa tanikala ng dependensiya. Dapat ding isaisip na ang mga probisyong pangwika ng konstitusyon ay hindi nagbabanggit sa “labor export policy” o pagbibigay-prioridad sa isang wikang global sa layuning makapag-export ng mas marami pang OFW (San Juan, *Language and Education Policies* 46).

Kaugnay nito, sumasang-ayon ang mananaliksik kay Constantino na ang isang Pilipinong edukado sa kaniyang sariling wika at kultura ay magsusumikap na mapabuti ang kalagayan ng kaniyang bansa at ng mga kapwa niya Pilipino at hindi ng kaniyang sariling lamang (“Ang Development” 100). Siyempre, nangangailangan ito ng politikal na determinasyon. At kung magawang lubusang lumipat ng sistemang pang-edukasyon sa wikang Filipino, para sa mananaliksik, maaaring manatili ang pagtuturo ng Ingles bilang isang asignatura sapagkat kapaki-pakinabang pa rin sa mga Pilipino ang isang pandaigdigang wika. Kaugnay nito, naniniwala rin ang mananaliksik kay Sibayan na mahalagang isaalang-alang ang barayti ng Ingles sa Pilipinas nang sa gayo’y mas maging kontekstuwalisado ang pagtuturo ng Ingles sa mga mag-aaral na Pilipino. Sa pamamagitan din nito, maaaring matamo ang komunikatibong pagtuturo ng Ingles na iminungkahi ni Gonzalez.

Mahalaga rin namang muling balikan ang mga suliraning tinukoy nina Sibayan at Gonzalez sa implementasyon ng BE. Kung sisiyasatin ang kasalukuyang patakarang pangwika sa edukasyon ng bansa, makikitang nananatili pa rin ang mga suliraning ito. Noong 2009, ininstitusyonalisa ang *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE) sa Pilipinas sa bisa ng Department Order 74 ng Department of Education (DepEd) (Tupas at Lorente 174). Lalo pa itong pinagtibay ng Republic Act No. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013 na nagtatakda sa paggamit ng rehiyonal o katutubong wika ng mga mag-aaral bilang wika ng pagtuturo, mga materyal panturo, at pagtataya sa Kinder at unang tatlong taon ng elementarya, at sa pagbubuo ng isang programa ng transisyon mula Baitang 4 hanggang Baitang

6 upang unti-unting maipakilala ang Filipino at Ingles bilang mga wikang panturo hanggang maging sa mga pangunahing wikang panturo ang dalawang wikang ito sa hayskul (Monje et al. 10). Dahil sa MTB-MLE, nagkaroon ng puwang para sa iba pang mga katutubong wika partikular sa larangan ng edukasyon na noo'y pinaghahatian lamang ng Ingles at Filipino. Ayon kina Tupas at Lorente, inilalantad ng MTB-MLE ang mga kahinaan ng BE, lalo na ang pag-iisantabi nito sa mga tiyak na grupo ng tao (175). Nagsanhi ang BE ng pagkakahati sa pagitan ng mga batang Tagalog ang unang wika at iyong mga hindi. Kailangan munang matuto ng dalawang bagong wika (Ingles at Filipino) ang mga batang hindi Tagalog ang unang wika upang maunawaan ang mga aralin sa paaralan, samantalang Ingles na lamang ang kailangang matutuhan ng mga batang Tagalog ang unang wika (Tupas at Lorente 175). Ang obserbasyong ito hinggil sa mga hindi pagkakapantay-pantay dulot ng BE ay ipinahayag din ni Sibayan. Ibang usapin pa kung isasaalang-alang ang katayuang sosyoekonomiko ng mga mag-aaral. Ayon kina Smolicz at Nical, may kaalaman na kahit papaano sa Ingles ang mga batang nagmula sa mga mayayaman at maykayang pamilya na kadalasang gumagamit na ng Ingles, ngunit hindi ganito ang sitwasyon ng mga batang nagmula sa mga pamilyang mahirap na may limitado o walang kaalaman sa Ingles (514). Sa pamamagitan ng MTB-MLE, inaasahang mabibigyang-diin ang papel ng mga katutubong wika sa pagpapaunlad ng lipunan at magiging multilingguwal (hindi lamang bilingguwal), mas epektibo, inklusibo, at makatarungan ang edukasyon sa bansa (Tupas at Lorente 177). Gayunman, dalawang pangunahing hamon ang kinakaharap at kakaharapin ng MTB-MLE: una, ang mahinang implementasyon nito; at ikalawa, ang mga kasalukuyang pagkilos sa pamahalaan na naglalayong ipatigil ang ganap na implementasyon nito.

Sa isang pag-aaral na tumasa sa implementasyon ng MTB-MLE noong 2019, tinukoy ang mahahalagang bagay na hindi nagawa bago pa man ipatupad ang naturang programa, kabilang na ang sapat na pagpapalaganap ng impormasyon sa mga *stakeholder* (mga guro at magulang) hinggil sa rasyonal ng programa, pagsasanay ng mga guro sa pagtuturo gamit ang katutubong wikang *medium of instruction* (MOI) ng paaralan, at pagkakaroon ng sapat na teksbuk at materyal sa pagkatuto (Monje et al. 30-33). Napag-alaman nina Monje et al. na bago ang pambansang implementasyon ng MTB-MLE noong 2012, walang sapat na direksiyon sa mga guro hinggil sa pagtuturo sa *mother tongue* (MT) sa mga unang taon ng implementasyon, at bagaman may mga sumunod na pagsasanay, hindi tuloy-tuloy ang mga ito (31). Tungkol naman sa mga teksbuk at materyal sa pagkatuto, tinukoy ang mga sumusunod na hamon: nahuling pagpapadala ng mga teksbuk sa ilang paaralan, kasalatan sa bilang ng teksbuk, paglalaman ng mga teksbuk ng mga kamalian at ng mga sinaunang salitang hindi na ginagamit ng mga ispiker ng MT, at di-pagkakatumag ng barayting ginamit sa teksbuk at ng MOI ng paaralan (Monje et al. 33). Sa isang sarbey na isinagawa sa 16,479 paaralan noong 2019, lumitaw na may 192 paaralan na hindi ipinatupad ang MTB-MLE, at kabilang sa mga pangunahing

dahilan ng mga paaralang ito ang kakulangan ng mga kagamitang panturo, kawalan ng diksiyonyo ng wika, at kakulangan ng mga teksbuk (Monje et al. 20).

Bukod sa mga suliraning ito, may mga kasalukuyang pagkilos din sa pamahalaan na naglalayong ipatigil ang implementasyon ng MTB-MLE. Noong 2023, naglabas ang DepEd ng bagong kurikulum sa batayang edukasyon, ang “Matatag” Curriculum, na unti-unting ipatutupad simula sa School Year 2024-2025. Isa sa mga kapansin-pansing katangian nito ay ang pagtatanggal ng MT bilang asignatura habang pinananatili ito bilang MOI (Hernando-Malipot). Nagsimula rin noong taong iyon ang mga pagkilos sa Kongreso na naglayong isuspinde ang paggamit ng MT bilang MOI sa Kinder hanggang Baitang 3, hanggang sa naisabatas ang Republic Act No. 12027 noong 10 Oktubre 2024 na tuluyang nagpahinto sa MTB-MLE. Sa paliwanag ni Senador Sherwin Gatchalian na nagpanukala ng naturang batas, makikita ang dalawang pangunahing katwiran: 1) hindi raw angkop ang MTB-MLE sa mga kontekstong multilingguwal tulad ng Pilipinas at 2) kulang ang mga kagamitang panturo at pampagkatuto sa mga paaralan (Senate of the Philippines 1-2). Gayunman, itinatakda ng batas na ipagpatuloy ang implementasyon ng MTB-MLE sa mga klaseng monolingguwal (i.e., mga klaseng iisa lamang ang MT ng mga mag-aaral) kung may opisyal na ortograpiya, bokabularyo, at gramatika na inilathala para sa MT na gagamiting MOI, may magagamit na mga literatura sa wika at kultura, at may mga gurong nagsasalita at sinanay na magturo ng naturang MT (Republic of the Philippines).

Ayon sa Tanggol Wika, isang alyansa ng mga tagapagtaguyod ng mga wika at panitikan ng Pilipinas, ang tuluyang pagbabasura sa MTB-MLE ay kabaligtaran ng rekomendasyon ng halos lahat ng eksperto sa pagkatuto at edukasyon. Napakahalagang isaalang-alang ng mga lumilikha ng patakaran ang napakaraming pag-aaral na nagpatunay sa positibong epekto ng pagkatuto sa katutubong wika sa mga batang mag-aaral. Halimbawa na lamang, taliwas sa mga pahayag ng mga kongresista at senador na sumuporta sa pagpapatigil ng MTB-MLE, ipinakikita ng mga datos na mas mataas ang *mean percentage score* ng mga mag-aaral na Filipino, Hiligaynon, Ilokano, Ivatan, Kapampangan, Kinaray-a, Maguindanaon, Maranaw, Sinugbuanong Binisaya, Surigaonon, Waray, at Yakan ang wika kaysa *mean percentage score* ng mga mag-aaral na Ingles ang wika (Bureau of Learning Delivery, sinipi sa Tanggol Wika). Kung magbabalik-tanaw rin sa mga paniniwala nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez, nagkakasundo ang tatlong lingguwista sa kahalagahan ng preserbasyon ng mga wikang ito kung saan lubos na makatutulong ang tuloy-tuloy at mabisang implementasyon ng MTB-MLE. Para kay Sibayan, mahalagang maging bihasa ang isang Pilipino sa kaniyang katutubong wika upang makasalo siya sa buhay ng kaniyang grupong etniko (“Language Policy” 1). Dagdag pa niya, ang lingguwistikong dibersidad ay patuloy na magiging tuntunin sa Pilipinas, at tinatanggap ito ng mga Pilipino bilang isang landas ng buhay

(“Language Policy” 18). Naniwala rin si Sibayan na malaki ang papel na gagampanan ng mga katutubong wika sa natural na deelopment ng wikang pambansa (“Some Thoughts” 541). Kaugnay nito, sinabi naman ni Gonzalez na sa kabila ng pag-iral ng Ingles (bilang wika ng komersiyo, batas, pamahalaan, at ugnayang pandaigdig) at Filipino (bilang *lingua franca*) sa labas ng tahanan, ang mga Pilipino ay patuloy na magiging mga multilingguwal (“Language and Nationalism” 157). Ipinanukala naman nina Constantino et al. sa 1986 Komisyonang Konstitusyonal na maging wikang opisyal ang Filipino, kasama ng mga rehiyonal na wika bilang mga wikang pantulong. Kinilala nito ang kakayahan ng mga rehiyonal na wika bilang epektibong instrumento na sisiguro sa tunay na demokrasya sa pamamagitan ng malawakang partisipasyon ng mga mamamayan anoman ang kanilang katutubong wika (68).

Makabuluhan din sa usaping ito ang tinuran ni Gonzalez na ang tagumpay ng anomang patakarang pangwika sa mga paaralan ay nakasalalay rin sa mismong impraestrukturang pang-edukasyon na mayroon ang isang bansa. Kaya naman, mahalaga talagang pagtuonan ng pansin ang pagpapahusay sa mismong sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Sang-ayon dito, ang mga ibinigay na katwiran sa pagpapatigil ng MTB-MLE na umiikot sa usapin ng kakulangan sa mga materyal panturo at pampagkatuto, dokumentasyon ng mga wika, at bilang ng mga gurong sinanay na magturo ng MT mula pa noong 2013 (nang isabatas ang Enhanced Basic Education Act of 2013) ay maiuugat sa kabiguan sa pagpapahusay ng impraestrukturang pang-edukasyon ng bansa. Hindi dapat isisi sa MTB-MLE mismo ang mga kakulangang ito at ang hindi pagtatamasa sa mga inaasahang resulta ng programa kundi sa kabiguan ng pamahalaan ng Pilipinas na paglaanan ng sapat na pondo ang sektor ng edukasyon (Tanggol Wika). Kahit pa ang opsiyonal na implementasyon ng MTB-MLE sa mga klaseng monolingguwal ay balewala at maaaring maitumbas pa rin sa pagbabawal sa MTB-MLE kung isasaalang-alang ang hindi sapat na badyet para sa mga ahensiyang inatasang magsagawa ng mga gawaing makatutugon sa mahihigpit na rekisito, tulad ng pagkakaroon ng mga opisyal na ortograpiya, gramatika, at bokabularyo, at pagsasanay ng mga guro (Tanggol Wika). Kaugnay ng mga suliraning nabanggit, naglatag si San Juan ng mga minimum na kahingian upang higit na mapaunlad ang sistemang pang-edukasyon ng bansa: 1) taasan hanggang 6% ng *gross domestic product* (GDP) ang publikong paggasta para sa edukasyon; 2) taasan ang pondo para sa *research and development* (R&D) ng bansa hanggang 2% ng GDP; 3) taasan ang sahod ng mga guro at bawasan ang bigat ng kanilang mga trabaho sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga gawaing di-pampagtuturo; 4) tugunan ang mga umiiral na *backlog* sa mga rekurso, pasilidad, at tauhan; at 5) isangkot ang lahat ng *stakeholder* ng sektor ng edukasyon sa isang demokratikong *agenda-building* kung saan makikinig ang pamahalaan sa mga rekomendasyon ng mga tunay na eksperto (i.e., ang mga mismong guro) (*Language and Education Policies* 67).

## KONGKLUSYON

Inilahad ng pag-aaral na ito ang mga buhay at kaisipan ng tatlong lingguwistang Pilipino na sina Sibayan, Constantino, at Gonzalez hinggil sa mga wika ng Pilipinas at wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon. Sa paglalapat ng pilosopikal na hermeneutika ni Gadamer, ipinakita ng papel na sa kabila ng radikal na pagkakaiba-iba at mga di-pagkakasundo ng tatlong lingguwista sa kanilang mga ideya, mayroon pa ring mga pagkakasundong mainam na tingnan at pahalagahan. Mas napagyaman din ang pag-unawa ng mananaliksik sa isang lingguwista sa pamamagitan ng pagsipat sa buhay at kaisipan nito mula sa pananaw ng dalawa pang lingguwista. Higit pa sa pagtukoy sa mga pagkakasundo at di-pagkakasundo nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez, ipinakita rin ng pag-aaral ang napakahahalagang kontribusyon ng tatlong lingguwista sa pagpapaunlad ng lingguwistikang Pilipino na nararapat lamang kilalanin. Sa pamamagitan ng muling pagbubungkal sa mga kaisipan nina Sibayan, Constantino, at Gonzalez at pagtanaw sa mga ito mula sa abot-tanaw ng kasalukuyan, nailantad ang mga kasalukuyang suliraning pangwika ng Pilipinas at nahanap mula sa kanilang mga akda ang mga hakbang na maaaring gawin upang matugunan ang mga suliraning ito. Pinatutunayan nito na ang impluwensiya at intelektuwal na pamana ng tatlong Pilipinong lingguwista, bagaman sila’y pumanaw na, ay nananatiling makabuluhan para sa lipunang Pilipino sa kabuoan.

Batay sa pagtatasang inilahad sa itaas, mailalatag ang ilang mungkahing patakaran kaugnay ng wika ng sistemang pang-edukasyon ng bansa. Sa mga unang taon ng edukasyon mula Kinder hanggang Baitang 3, mainam na ipagpatuloy ang MTB-MLE. Sumusuporta ito sa mga pag-aaral na nagpapatunay sa kahalagahan ng unang wika sa pagkatuto ng nilalaman ng iba’t ibang asignatura at bilang tulay sa pagkatuto rin ng iba pang wika, tulad ng Filipino at Ingles, sa paglaon. Instrumental din ang hakbang na ito sa pagpapaunlad, pagpapasigla, at preserbasyon ng mga katutubong wika ng Pilipinas na itinaguyod din ng tatlong lingguwista. Pagtuntong naman ng Baitang 4 hanggang Baitang 10, maaaring ipagpatuloy ang patakarang bilingguwal kung saan may mga asignaturang itinuturo sa Filipino at may mga asignaturang itinuturo sa Ingles. Sa kasalukuyang kalakaran, nananatiling Ingles ang wika ng mga asignaturang nauukol sa *controlling domains*, tulad ng agham at matematika. Napakatagal na ng ganitong kalakaran at kinakailangan nang maging aktibo ang pamahalaan sa pagpaparami ng mga kagamitang panturo at pampagkatuto sa agham at matematika na nasusulat sa wikang Filipino. Mahalagang sangkap ito upang tuluyang magkaroon ng *pedagogical idiom* sa wikang Filipino na itinaguyod ni Sibayan. Sa pamamagitan nito, unti-unti ring makalilipat ang sistemang pang-edukasyon mula bilingguwalismo patungong monolingguwalismo sa wikang Filipino katulad ng mithiin ni Constantino. Isa itong pagtalima sa itinatadhana ng Konstitusyon na “dapat magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspupang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal

na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon” (LWP 55). Malaki na siguro ang progreso ng bansa sa pagsasakatuparan ng probisyong ito kung noon pa lamang ay naging seryoso na ang pamahalaan sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Kapag naganap na ang paglipat na ito, maaari pa ring panatilihin ang Ingles ngunit bilang isang asignatura na lamang tulad ng mungkahi ni Constantino. Isa itong praktikal na tugon, kung susundin sina Sibayan at Gonzalez, sa pangangailangang itaguyod ang Filipino bilang wika ng edukasyon habang pinananatili ang Ingles na mag-uugnay naman sa mga Pilipino sa pandaigdigang komunidad.

Ang transisyon mula patakarang bilingguwal patungong monolingguwal sa Filipino, kung saan ang Ingles ay maaari pa ring ituro bilang isang asignatura na lamang, ang dapat ding maging direksiyon ng *senior high school* sa bansa. Sapagkat naganap na sa antas na ito ang produksiyon ng kaalaman sa pamamagitan ng pananaliksik ng mga mag-aaral at mga talakayan tungkol sa mga espesyalisadong paksa, mas kinakailangang gamitin dito ang wikang Filipino. Bukod sa nakaaambag ito sa gawain ng intelektuwalisasyon, mahalagang nagagamit ng mga mag-aaral na Pilipino ang kanilang wikang pambansa sa mas malalimang pagdidiskurso tungkol sa pambansang pagkakakilanlan at iba pang mga napapanahong isyung pambansa na naganap na sa antas ng *senior high school*. Wala nang iba pang wika ang makagaganap bilang epektibong daluyan ng mga diskursong ito kundi ang wikang Filipino. Ganito rin ang dapat na maging direksiyon lalo na ng tersiyaryang edukasyon mula di-gradwado hanggang gradwadong antas. Kaya naman tunay na atrasado ang patakarang nagsasaopsiyonal sa pagtuturo sa/ng Filipino sa kolehiyo. Higit nitong ginagawang mahirap ang gawain ng intelektuwalisasyon sapagkat sa kasalukuyang kalakaran, mas pipiliin ng mga *higher education institution* (HEI) ang paggamit ng wikang Ingles. Pinatutunayan ito ng humahabang listahan ng mga kolehiyo at pamantasan na inalis o binawasan ang Filipino at panitikan sa kanilang kurikulum ayon sa website ng Tanggol Wika. Kailangang igiit ng pamahalaan ang paggamit ng wikang pambansa sa tersiyaryang edukasyon kung seryoso talaga ito sa gawain ng intelektuwalisasyon. Ang mga kaalamang malilikha ng mga HEI sa wikang Filipino sa iba’t ibang disiplina, sampu ng mga maka-Pilipinong lapit, teorya, at metodong pampananaliksik at pampagtuturo na kaakibat ng mga ito, ay mahahalagang sangkap ng intelektuwalisasyon. Malay ang mananaliksik na sa gitna ng mga kasalukuyang sirkunstansiya, hindi agarang maisasakatuparan ang mga ito. Kahit si Sibayan na puspusing nagtaguyod sa intelektuwalisasyon ng Filipino ay nagsabing kailangan ng isang siglo para sa naturang gawain (“A Suggested” 229). Nangangailangan talaga ito, gayundin ang iba pang mungkahing patakarang nabanggit, ng sapat na pondo, politikal na determinasyon, at mahaba-habang pasensiya.

## Dulong Tala

1. Wala pang nailalathalang salin sa Filipino ng akdang *Wahrheit und Methode* ni Gadamer. Kaya naman, sumangguni ang may-akda sa salin nito sa Ingles na *Truth and Method* nina Joel Weinsheimer at Donald Marshall, 2nd ed., Continuum Publishing Group, 2004.
2. Wala pang nailalathalang salin sa Filipino ng akdang *Sein und Zeit* ni Heidegger. Kaya naman, sumangguni ang may-akda sa salin nito sa Ingles na *Being and Time* nina John MacQuarrie at Edward Robinson, Harper and Row, 1962.
3. Para maging konsistent, ginamit sa buong papel ang “Filipino” upang tukuyin ang wikang pambansa ng Pilipinas. Gayunman, dapat isaisip na bago tawaging “Filipino” ang wikang pambansa (alinsunod sa tadhana ng Konstitusyon ng 1973 at sa pagpapatibay ng Konstitusyon ng 1987) ay tinawag itong “Pilipino” noong 1959. Ginawa rin ito upang maiwasan ang pagkalito sa pagitan ng “Pilipino” (wika) at “Pilipino” (tao).

## Sanggunian

- Bautista, Ma. Lourdes. "In Memoriam: Brother Andrew Gonzalez, FSC (February 29, 1940-January 29, 2006)." *Asian Englishes*, vol. 9, no. 1, 2006, pp. 110-11. doi.org/10.1080/13488678.2006.10801184.
- . *Personal Interview*. 18 May 2021.
- Constantino, Ernesto. "Ang 'Universal Approach' at ang Wikang Pambansa ng Pilipinas." *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura*, edited by Ernesto Constantino, et al., Rex Bookstore, 1974, pp. 17-31.
- . "Ang Development ng Filipino at ang Kanyang Kompetitivnes sa Mundo." *Human Development and Global Competitiveness: The Role of the Social Sciences (1993 CSSP Conference Proceedings)*, edited by College of Social Sciences and Philosophy and Development Academy of the Philippines, U of the Philippines College of Social Sciences and Philosophy, 1995, pp. 97-101.
- . "Ang Hinaharap ng Wikang Pilipino." *Linggwistikang Pilipino*, vol. 3, 1971. Rpt. in *Isang Sariling Wikang Filipino: Mga Babasahin sa Kasaysayan ng Filipino*, edited by Kriscell Largo Labor, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining and Komisyon sa Wikang Filipino, 2016, pp. 10-11.
- . "Ang Pagpapalaya ng Linggwistiks at Wikang Pambansa ng Pilipinas." *The Archive*, vol. 14, 1998, pp. 235-39.
- . "Ang Pilipino bilang Wikang Panturo." *Linggwistikang Pilipino*, vol. 3, 1971. Rpt. in *Isang Sariling Wikang Filipino: Mga Babasahin sa Kasaysayan ng Filipino*, edited by Kriscell Largo Labor, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining and Komisyon sa Wikang Filipino, 2016, pp. 12-13.
- . "Ang Programa sa Filipino ng U.P. at ang Bilingguwal na Edukasyon." *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura*, edited by Ernesto Constantino, et al., Rex Bookstore, 1974, pp. 59-74.
- Constantino, Ernesto, et al. "Proposal para sa ConCom: Probisyon para sa Pambansang Wika." *The Language Provision of the 1987 Constitution of the Republic of the Philippines* by Andrew Gonzalez, FSC and Wilfrido Villacorta, Linguistic Society of the Philippines, 2001, pp. 60-70.
- Demeterio, Feorillo Petronilo. "Ang Mga Dialohikal na Hermenyutika nina Heidegger, Bultmann, at Gadamer bilang Batayang Teoretikal sa Araling Filipino." *Kritike*, vol. 6, no. 1, 2012, pp. 17-39. www.kritike.org/journal/issue\_11/demeterio\_june2012.pdf.
- . "Looking at Botong Francisco from the Horizon of Diego Rivera: A Visual Dialogue Between Two Modern Muralists." *Philippiniana Sacra*, vol. 48, no. 144, 2013, pp. 299-328.
- Gadamer, Hans-Georg. *Plato's Dialectical Ethics*. Translated by Robert Wallace, Yale UP, 1991.
- . *Truth and Method*. Translated by Joel Weinsheimer and Donald Marshall, 2nd ed., Continuum Publishing Group, 2004.

- Gonzalez, Andrew. "About the Author and His Book." *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. xi-xiv.
- . "An Overview of Language and Development." *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, vol. 14, no. 1-2, 1993, pp. 5-23. <http://dx.doi.org/10.1080/01434632.1993.9994517>.
- . "Communicative Language Teaching in the Rural Areas: How Does One Make the Irrelevant Relevant?" *Communicative Language Teaching*, edited by B. K. Das, Singapore UP, 1985, pp. 84-105.
- . "English Language Teaching and the New Constitution: Problems and Prospects." *Philippine Studies*, vol. 36, no. 4, 1988, pp. 485-93. <http://www.jstor.org/stable/42633116>.
- . "Evaluating Bilingual Education in the Philippines: Towards a Multidimensional Model of Evaluation in Language Planning." *Readings in Philippine Sociolinguistics*, 2nd ed., edited by Ma. Lourdes Bautista, De La Salle UP, 1996, pp. 327-40.
- . "Evaluating the Progress of Bilingual Education." *Social Science Information*, vol. 6, no. 4, 1979, pp. 4-7.
- . *Language and Nationalism: The Philippine Experience Thus Far*. Ateneo de Manila UP, 1980.
- . "Manpower and Materials Resources for Bilingual Education Survey." *Social Science Information*, vol. 3, no. 1, 1975, pp. 4-9.
- . "National Consultation on Updating the Teaching of English in the Philippines." *Social Science Information*, vol. 3, no. 3, 1979, pp. 9-10.
- . "The 1973 Constitution and the Bilingual Education Policy of the Department of Education and Culture." *Philippine Studies*, vol. 22, no. 3/4, 1974, pp. 325-37. <http://www.jstor.org/stable/42634876>.
- Gonzalez, Andrew, and Wilfrido Villacorta. *The Language Provision of the 1987 Constitution of the Republic of the Philippines*. Linguistic Society of the Philippines, 2001.
- Heidegger, Martin. *Being and Time*. Translated by John MacQuarrie and Edward Robinson, Harper and Row, 1962.
- Hernando-Malipot, Merlina. "'Confusing' Mother Tongue Subject Removed; to Remain as a Medium of Instruction - DepEd." *Manila Bulletin*, 11 Aug. 2023, mb.com.ph/2023/8/10/confusing-mother-tongue-subject-removed-to-remain-as-a-medium-of-instruction-dep-ed.
- Lawn, Chris. *Gadamer: A Guide for the Perplexed*. Continuum, 2006.
- Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (LWP). *Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas*. Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, 1991.
- Linguistic Society of the Philippines (LSP). "State of the Art." *Philippine Encyclopedia of the Social Sciences (Linguistics)*, edited by Andrew Gonzalez, Philippine Social Science Council, 1994, pp. 181-96.
- Monje, Jennifer, et al. *'Starting Where the Children Are': A Process Evaluation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education Implementation*. Philippine Institute for

- Development Studies, 2019, [pidswebs.pids.gov.ph/CDN/PUBLICATIONS/pidsdps1906.pdf](https://pidswebs.pids.gov.ph/CDN/PUBLICATIONS/pidsdps1906.pdf).
- Quakenbush, J. Stephen. "Philippine Linguistics From an SIL Perspective – Trends and Prospects." *Current Issues in Philippine Linguistics and Anthropology: Parangal kay Lawrence A. Reid*, edited by Hsiu-chuan Liao and Carl Galvez Rubino, Linguistic Society of the Philippines and SIL Philippines, 2005, pp. 3–27. [www.sil.org/resources/archives/25576](http://www.sil.org/resources/archives/25576).
- Republic of the Philippines. "Republic Act No. 12027." *The Lawphil Project*, 10 Oct. 2024, [https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2024/ra\\_12027\\_2024.html](https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2024/ra_12027_2024.html).
- Salazar, Marlies. *Perspectives on Philippine Languages: Five Centuries of European Scholarship*. Ateneo de Manila UP, 2012.
- San Juan, David Michael. "Guro, Paaralan, at Bayan: Makabayang Pagsusuri sa Kasalukuyang Kurikulum ng Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas." *Kawing*, vol. 1, no. 2, 2017, pp. 10–34.
- . *Language and Education Policies in the Philippines: Critique and Alternatives*. PUP Center for Philippine Studies, 2023.
- . "Neoliberal Restructuring of Education in the Philippines: Dependency, Labor, Privatization, Critical Pedagogy, and the K to 12 System." *Asia-Pacific Social Science Review*, vol. 16, no. 1, 2016, pp. 80–110.
- Senate of the Philippines. *S.B. No. 2457*. Republic of the Philippines, 2023, <https://legacy.senate.gov.ph/lisdata/4283038963!.pdf>.
- Sibayan, Bonifacio. "A Suggested One-hundred-year Time-table for the Intellectualization of Filipino." Paper presented at the International Conference on Language Education, Manila, 1998. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 229–240.
- . "Bilingual Education in the Philippines: Strategy and Structure." *Georgetown University Round Table on Language and Linguistics*, edited by James Alatis, Georgetown UP, 1978, pp. 302–79. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 339–68.
- . "Ilang Suliranin tungkol sa Intelektwalisasyon ng Filipino." *Bantayog: Mga Piling Sanaysay sa Wika at Panitikan: Handog Parangal kay P.B.P. Pineda*, edited by Alfonso Santiago, Phoenix Publishing House, 1990, pp. 90–5. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 479–84.
- . "Insights from Language Planning Based on the Philippine Experience." *Language Use, Language Planning and the Curriculum*, edited by Verner Bickley, Institute of Language in Education, 1991, pp. 54–72. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 241–62.
- . "Language Policy, Language Engineering and Literacy in the Philippines." *Advances in Language Planning*, edited by Joshua Fishman, Mouton, 1974, pp. 221–54. Rpt. in

- The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 1-36.
- . “Literacy Redefined: Literacy in What? Literacy for What?” *The Manila Bulletin*, 2 Feb. 1997: 11; H 26 and 9 Feb. 1997: 11; G 21-22. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 285-94.
- . “Pilipino and the Filipino’s Renewed Search for a Linguistic Symbol of Unity and Identity.” *The Fergusonian Impact: Sociolinguistics and the Sociology of Language*, edited by Joshua Fishman, et al. Mouton de Gruyter, 1986, pp. 351-60. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 135-44.
- . “Some Problems of Bilingual Education in the Philippines.” *The Philippine Journal of Education*, July 1996, pp. 18-20, 70-1. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 403-9.
- . “Some Thoughts on Ethnicity and the National Language.” *Festschriften: Leopoldo Y. Yabes*, edited by Alejandrino Hufana and Cesar Hidalgo, College of Arts and Letters, U of the Philippines, 1985, pp. 190-2. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 539-542.
- . “Teaching for Communicative Competence in a Second Language.” *Communicative Language Teaching*, edited by B. K. Das, Singapore UP, 1985, pp. 106-19. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 381-94.
- . “The Vision Is Correct but the Timetable Is Wrong.” *The CEAP Perspective*, vol. 12, no. 2, 1992, pp. 12-16. Rpt. in *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays* by Bonifacio Sibayan, Linguistic Society of the Philippines, 1999, pp. 205-214.
- Simms, Karl. *Hans-Georg Gadamer*. Routledge, 2015.
- Smolicz, Jerzy, and Illuminado Nical. “Exporting the European Idea of a National Language: Some Educational Implications of the Use of English and Indigenous Languages in the Philippines.” *International Review of Education*, vol. 43.5, no. 6, 1997, pp. 507-26. [www.jstor.org/stable/3445063](http://www.jstor.org/stable/3445063).
- Tanggol Wika. “Opisyal na Pahayag ng Tanggol Wika Hinggil sa Pagbabasura ng MTB-MLE at Planong Bawasan ang Asignaturang Filipino sa Senior High School.” *Tanggol Wika*, 14 Oct. 2024, <https://tanggolwika.org/2024/10/14/opisyal-na-pahayag-ng-tanggol-wika-hinggil-sa-pagbabasura-ng-mtb-mle-at-planong-bawasan-ang-asignaturang-filipino-sa-senior-high-school/>.
- Tupas, Ruanni, and Beatriz Lorente. “A ‘New’ Politics of Language in the Philippines: Bilingual Education and the New Challenge of the Mother Tongues.” *Language, Education and Nation-building*, edited by Peter Sercombe and Ruanni Tupas, Palgrave Macmillan, 2014, pp. 165-80.
- Viray, Joseph Reylan. *Br. Andrew B. Gonzalez, FSC: Pantas ng Pananaliksik at Edukasyong Pilipino*. PhD Dissertation. De La Salle U, 2021.